

INISYATIBANG PAG-AARAL SA TUTOR (TUTOR LEARNING INITIATIVE): IMPORMASYON PARA SA MGA MAGULANG, TAGAPAG-ALAGA AT PAMILYA

Ang impormasyong ito ay para sa mga magulang, mga tagapag-alaga at mga guardian tungkol sa Inisyatibang Pag-aaral sa Tutor (Tutor Learning Initiative), na susuporta sa mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa 2021.

Ang school year 2020 ay naging lubhang kakaiba at mapaghamong taon para sa bawat komunidad ng paaralan.

Ginugol ng maraming mag-aaral sa Victoria ang halos buong taon na ito ng Term 2 at 3 sa pag-aaral nang malayuan at ang mga paaralan ng Victoria at kanilang mga komunidad ay nagsikap nang husto upang maipagpatuloy ang pagtuturo at pagkatuto ng aming mga mag-aaral sa panahong ito.

Sa Term 4, ang mga paaralan sa buong Victoria ay nakatuon sa pagsuporta sa kalusugan ng kaisipan ng mga mag-aaral at kagalingan, bukod pa sa pagtulong sa mga mag-aaral na makaagapay sa pag-aaral sa mismong lugar (on-site). Ang mga guro ay nakatuon din sa pagtatasa ng pagkatuto ng mag-aaral, pagharap sa mga indibidwal na puwang sa pag-aaral at pagkilala sa mga mag-aaral na nangangailangan ng karagdagang suporta sa kanilang pag-aaral, gamit ang pagmamasid at mga pagtatasa na nakabatay sa silid aralan.

Alam namin na ang malayuang karanasan sa pag-aaral ay magkakaiba para sa bawat mag-aaral. Habang ang ilang mga mag-aaral ay umunlad, ang ilang mga mag-aaral ay maaaring hindi lubos na nakaagapay sa malayuang pag-aaral. Para sa karamihan ng aming mga mag-aaral, ang regular na de-kalidad na pagtuturo sa 2021 ay magiging sapat upang matulungan silang sumulong sa inaasahang antas ng pag-aaral. Ang ilang mga mag-aaral ay makikinabang sa karagdagang intensibong suporta sa pag-aaral sa 2021.

Gaya ng inyong nalalaman, bilang tugon dito, ang Pamahalaang Victoria ay mamumuhunan ng \$250 milyon sa Inisyatibang Pag-aaral sa Tutor (Tutor Learning Initiative) upang magawa ng mga paaralan sa buong Victoria na kumuha ng mga 4,100 guro bilang mga tutor sa 2021 upang suportahan ang mga mag-aaral na nangangailangan ng karagdagang tulong sa kanilang pag-aaral. Tutukuyin ng mga paaralan kung paano pinakamahusay na maipapatupad ang inisyatibang ito para sa kanilang mga mag-aaral at titiyakin na makukuha ng mga mag-aaral ang suportang ito sa paraang makakabawas sa mga pagkagambala sa iba pang mga aktibidad sa pag-aaral o paaralan.

Sa pamamagitan ng pagkuha ng mga karagdagang guro upang suportahan ang mga bata sa intensibong pag-aaral, ang mga guro sa silid-aralan ay magkakaroon ng higit na kakayahan upang matiyak na natutugunan ang lahat ng iba pang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa paggampan, pakikipag-ugnayan at kagalingan, upang matanggap ng lahat ng mga mag-aaral ang suportang kailangan nila sa 2021.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa Inisyatibang Pag-aaral sa Tutor (Tutor Learning Initiative), at kung paano ito ipapatupad para sa mga mag-aaral na nangangailangan ng indibidwal na suporta sa pag-aaral sa aming paaralan, ay ipapalabas bago magsimula ang mga mag-aaral sa pag-tutor sa 2021.

Sa Term 4, ang mga paaralan ay makikipagtulungan sa mga mag-aaral upang maunawaan ang kanilang karanasan sa malayuang pag-aaral at ang kanilang pagbabalik sa pag-aaral sa mismong lugar (onsite).

Kung nag-aalala kayo tungkol sa pag-agapay ng inyong anak sa kanyang pag-aaral, habang nag-aaral mula sa bahay o kasunod ng kanilang pagbabalik sa paaralan, mangyaring makipag-ugnay sa inyong paaralan.